American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-06, pp-453-462
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# MGA IBONG MANDARAGIT NI AMADO V. HERNANDEZ: PAGSUSURI SA KAHALAGAHAN AT ANG EPEKTO NITO SA KASALUKUYAN

Cipriano A. Bayotlang Jr.[1], Adelfa B. Orevillo[2], Maryjane B. Tribulano[3], Fe A. Varona[4]

[1]*(Graduate School, Cebu Technological University, Main Campus, Cebu City, Philippines)*
[2]*(Teacher III, Hinlayagan National High School, Trinidad, Bohol, Philippines)*
[3]*(Teacher I, Hinlayagan National High School, Trinidad, Bohol, Philippines)*
[4]*(Associate Professor V, Graduate School, Cebu Technological University-Main Campus)*

**ABSTRAK:** Ang pananaliksik na ito ay isang pagsusuring interdisiplinaryo sa nobelang Mga Ibong Mandaragit ni Amado V. Hernandez, gamit ang sosyolohikal, saykolohikal, at biyolohikal na lente. Layunin nitong tuklasin kung paanong ang mga tema ng kolonyalismo, kawalan ng hustisya, at makabayang pakikibaka ay patuloy na sumasalamin sa kasalukuyang kalagayan ng lipunang Pilipino. Sinusuri rin dito ang pagtanggap, pag-unawa, at pananaw ng mga makabagong mambabasa sa akda, at kung paano ito nakaaambag sa paghubog ng kanilang kamalayang panlipunan. Sa kabila ng mga naunang pag-aaral, nananatili ang kakulangan ng interdisiplinaryong pagsusuri na isinasaalang-alang ang epekto ng nobela sa kasalukuyang konteksto. Sa pamamagitan ng panitikan, higit na nabibigyang-diin ang potensyal nitong maging mabisang kasangkapan para sa kamulatan at kolektibong pagkilos tungo sa makatarungan at makataong pagbabago. Ang pag-aaral ay nagpapatunay na ang Mga Ibong Mandaragit ay nananatiling makabuluhan sa pagsusulong ng makabayang adhikain sa kontemporaryong panahon.

***MGA SUSING SALITA -*** *Interdisiplinaryong pagsusuri, Kamalayang panlipunan, Kolonyalismo, Makabayang pakikibaka, Panitikan*

## I. INTRODUKSYON

Sa buhay ng mga mamamayang Pilipino ay naging bahagi na ang pagbabasa at pagsusuri ng mga panitikan na naglalahad ng kasaysayan at makabuluhang katuturan. Mga konseptong may kaugnayan sa katotohanan at nagpapalaganap ng mga maaaring solusyon sa problema sa lipunan. Ipinapakita nito kung paano ang mga pangyayari sa nakaraan ay may direktang impluwensiya sa mga institusyon, paniniwala, at ugnayang panlipunan sa kasalukuyan (Burke, 2001). Isang malaking ugnayan na may mabuting maidudulot sa lahat ng mga mamamayan upang magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay at iba pang aspeto ng buhay. Isang mahalagang aklat sa Pilipinong pagtingin sa kasaysayan at kung paano ito ay may epekto sa pagkakabuo ng ating pagkatao bilang lipunang Pilipino (Salazar, 1991). Ipinakilala nito ang paraan ng pag-unawa sa kasaysayan mula sa loob ng karanasang Pilipino—isang pananaw na gumagamit ng wika, konsepto, at sensibilidad na likas sa atin, at taliwas sa mga banyagang lente ng pagsusuri.

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa masusing pagbibigay-halaga sa nobelang "Mga Ibong Mandaragit" at sa pagtuklas ng patuloy nitong epekto sa makabagong lipunan, bilang isang akdang patuloy na sumasalamin sa kalagayang panlipunan ng mga Pilipino at nagpapalalim sa kamalayang makabayan (Aguila, 2004). Sa paglalapat ng historikal at panlipunang pagsusuri, higit na naipapakita kung paanong ang mga ideolohiyang inilahad ni Hernandez ay nananatiling makabuluhan sa kasalukuyang pakikibaka para sa hustisya, kalayaan, at pambansang pagkakakilanlan. Layunin nitong siyasatin kung paano ang mga temang tulad ng kolonyalismo, sistematikong kawalan ng hustisya, at ang walang humpay na pakikibaka ng masa ay nananatiling makabuluhan at sumasalamin sa mga kontemporaryong isyung panlipunan. Bukod sa pagsusuri ng mga tematikong ito, tinatalakay rin sa pag-aaral kung paano tinatanggap, inuunawa, at pinahahalagahan ng mga mambabasa sa kasalukuyang panahon ang akda at kung ito ba ay epektibong nagiging daan upang gisingin ang kanilang kamalayang panlipunan at mahikayat silang makibahagi sa mga adhikain para sa makatarungan at makataong pagbabago sa lipunan.

Ang "Mga Ibong Mandaragit" ay isa sa mga iilan lamang sa mga nobelang nilikha noong panahon ng mga mananakop. Ito ay isang nobela na inilatha noong dekada 1969, isang panahon ng mga kilusang laban sa

mga imperyalistang puwersa at mga lokal na naghaharing uri sa Pilipinas (Hernandez, 1969). Itinuturing ang "Mga Ibong Mandaragit" bilang isa sa mga obra maestra ng may-akda na nagtatampok ng matalim at mapanuring paglalarawan sa sosyo-politikal na kalagayan ng Pilipinas. Binibigyang-diin ng nobela ang mga isyu ng neokolonyal na pag-asa, sistemikong pang-aapi, at ang muling pag-usbong ng diwa ng paglaban mula sa inaaping uri ng lipunan. Ito ay tuwirang kuwento ng makabayang pakikibaka para sa katarungang panlipunan. Nagsisimula ito sa huling taon ng okupasyong hapon at nagpapatuloy sa mga unang taon ng pagkatapos ng digmaan at Kalayaan ng bansa. (Gordon, 2023).

Layunin ng mga mananaliksik na ibahagi sa mga mag-aaral, guro, at mambabasa ang kahalagahan ng nobelang Mga Ibong Mandaragit, sapagkat ito ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa kasaysayan ng Pilipinas at sa mga usaping panlipunang patuloy na umiiral sa kasalukuyan. Sa pamamagitan ng akdang ito, napupukaw ang interes ng mga mambabasa na suriin hindi lamang ang mga kaganapan sa nakaraan kundi pati na rin ang mga ideolohiya at sistemang humuhubog sa kanilang pananaw at pagkilos sa kontemporaryong lipunan.

Ang pananaliksik na ito ay tumutok sa pagsusuri ng nobela sa tatlong pangunahing baryabol: sosyolohikal, kung saan tinutukoy ang mga impluwensya ng lipunan, uri, at kapangyarihan sa mga tauhan at pangyayari; saykolohikal, na tumatalakay sa kaisipan, emosyon, at motibasyon ng mga tauhan; at biyolohikal, na tumitingin sa likas na katangian ng tao na maaaring makaapekto sa kilos at desisyon ng mga karakter. Sa ganitong pagsusuri, lumulutang ang Mga Ibong Mandaragit hindi lamang bilang isang kathang pampanitikan kundi bilang isang rebolusyonaryong akda na naglalayong gisingin ang damdaming makabayan at panlipunang kamalayan ng sambayanang Pilipino (Aguila, 2004). Bagaman maraming kritikal na pagsusuri ang naisagawa na ukol sa Mga Ibong Mandaragit, napansin ng mga mananaliksik ang kakulangan ng mga interdisiplinaryong pag-aaral na gumagamit ng kombinasyon ng sosyolohikal, saykolohikal, at biyolohikal na lente sa pag-aanalisa sa nobela. Higit pa rito, kapansin-pansin ang limitadong pag-aaral na sumusuri sa epekto ng akda sa kamalayan ng mga makabagong mambabasa kung paano nila ito tinatanggap, inuunawa, at isinasabuhay sa gitna ng kasalukuyang krisis panlipunan at pulitikal. Ang pagkilala sa puwang na ito sa umiiral na literatura ang siyang nag-uudyok sa mga mananaliksik na isagawa ang pag-aaral na ito. Layunin nitong patunayan na ang nobela ay hindi lamang bahagi ng nakaraan kundi isa ring makapangyarihang midyum sa kasalukuyan na may kakayahang magpalalim ng kamalayang panlipunan at mag-udyok ng kolektibong pagkilos tungo sa makatarungan at makataong pagbabago.

Sa kabuuan, ang pananaliksik na ito ay may malaking kabuluhan sapagkat ito ay hindi lamang pagbabalik-tanaw sa isang mahalagang akdang pampanitikan, kundi isang hakbang patungo sa mas malalim na pag-unawa kung paano ang panitikan ay maaaring maging kasangkapan para sa pagbabago. Ang panitikan ay may kakayahang magsilbing salamin ng lipunan at maging mabisang midyum sa pagmulat ng kamalayan, lalo na sa mga usaping panlipunan at politikal (Lumbera, 2000). Sa pagbibigay halaga sa nobelang ito, isinusulong natin ang isang mas mapanuring pagtingin sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan at pinatitingkad ang papel ng panitikan sa lipunan bilang boses ng bayan.

## II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Nilalayon ng pananaliksik na ito na suriin ang kahalagahan at epekto ng nobelang "Mga Ibong Mandaragit" ni Amado V. Hernandez sa kasalukuyan, batay sa pananaw ng mga guro at mag-aaral. Tiniyak na mabigyang kasagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang kahalagahan ng nobelang "Mga Ibong Mandaragit" sa pananaw ng mga guro at mag-aaral batay sa kanilang perspektibong:
   a. Sosyolohikal?
   b. Saykolohikal? ; at
   c. Biyolohikal?
2. Ano ang mensaheng nais ipahiwatig ng nobela sa mga mag-aaral at mga mambabasa?
3. Sumasalamin ba sa kasalukuyang panahon ang mga isyung tinatalakay sa nobelang ito? Sa anong paraan?
4. Anong uri ng awtput ang maimumungkahi mula sa mga natuklasan ng pag-aaral upang higit na maunawaan at mapahalagahan ang nobela sa kasalukuyang konteksto?

## III. TEORETIKAL NA BALANGKAS

Ang panitikan ay may kakayahan na ipakita at suriin ang mga suliraning panlipunan. Sa pamamagitan ng mga akdang pampanitikan, gaya ng Mga Ibong Mandaragit ni Amado V. Hernandez, matutunghayan ng mga mambabasa ang mga isyung may kinalaman sa kapangyarihan, kalayaan, at ang papel ng masa sa lipunan. Hindi lamang ang may-akda ang may responsibilidad sa pagbibigay-kahulugan sa isang akda. Mahalaga ring isaalang-alang ang karanasan at pananaw ng mambabasa. Ibig sabihin, ang bawat mambabasa ay nagdadala ng kanilang sariling konteksto at interpretasyon sa bawat akdang kanilang binabasa, at sa ganitong paraan, nagiging isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagbibigay-kahulugan sa teksto (Beach, Thein, & Webb, 2020).

Sa pananaliksik na ito ay masusing pag-aralan kung paano tumugon ang mga mambabasa sa mga temang panlipunan ng "Mga Ibong Mandaragit". Gamit ang teoryang Reader-Response ni Rosenblatt (1978), titignan kung paano nagiging bahagi ng bawat mambabasa ang pagbuo ng kahulugan sa nobela. Sa ganitong paraan, makikita natin kung paano ang mga reaksyon at interpretasyon ng mga mambabasa ay nagiging bahagi ng isang mas malawak na diskurso tungkol sa ating lipunan. Bukod dito, ang CHED CMO No. 20 ay magsisilbing gabay sa pagpapalawak ng kamalayang panlipunan at sa pagbibigay halaga sa kritikal na pagsusuri ng mga akdang pampanitikan, upang mas lalo pa nating maunawaan ang ating papel bilang bahagi ng mas malaking komunidad.

Sa "Mga Ibong Mandaragit", ang mga temang panlipunan ni Hernandez ay makikita at mararamdaman ng mambabasa batay sa kanilang kasalukuyang karanasan at iba't ibang pananaw tulad ng saykolohikal, sikolohikal at biyolohikal. Dito nakikita kung paano binibigyan ng mambabasa ng bagong kahulugan ang mga isyung nakapaloob sa nobela upang mapalutang ang kahalagahan at epekto nito nang makabuo ng isang awtput na magagamit sa pagtuturo. Mahalaga rin na ang teorya ni Rosenblatt ay nagbibigay diin sa relasyon ng mambabasa at teksto bilang isang proseso ng pagpapalitan ng kahulugan, kaya't ang bawat mambabasa ay may kanya-kanyang reaksyon sa mga temang tinalakay sa nobela.

## IV. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang bahaging ito ay naglalaman ng iba't ibang paglalahad—disenyo ng pananaliksik, mga instrumento ng pag-aaral, at mga pamamaraan sa pangangalap ng datos. Ang mga estratehiyang ito ay ginamit ng mga mananaliksik upang tuklasin at patunayan ang mga pangunahing suliranin sa pag-aaral na ito.

**Disenyo ng Pag-aaral**

Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na layuning ilarawan at tuklasin ang mga isyung panlipunan, pangkultura, at pang-ugali na nakapalibot sa mga karakter sa isang kwento o pagsisiyasat. Layunin nitong maunawaan kung paano nakakaapekto ang mga katangiang ito, pag-uugali, at interaksyon ng mga tao sa isa't isa, at kung ano ang nagdidirekta sa kanila (Valdez, 2019).

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang nobelang napili ay binasa nang mabuti at sinuri upang matutok sa mga kontrobersyal na isyung may kaugnayan sa karanasan ng mga mag-aaral. Binasa ito ng mga mag-aaral nang detalyado upang magkaroon ng kumpletong pag-unawa sa bawat talata; kanilang pinagsama-sama ang mga ideya at inisip upang makabuo ng mas malinaw na paglalarawan para sa bawat bahagi ng nobela. Sa pagbibigay ng interpretasyon, isinama nila ang mga aktwal na karanasan sa buhay na may kaugnayan sa mga isyung tinalakay upang makuha ang mas malalim na kahulugan ng nobela.

**Paraan ng Pagkalap ng Datos**

Ang mga mananaliksik ay may mga teknik sa pangangalap ng datos upang makuha ang tamang impormasyon nang walang alinlangan, at pagkatapos ay ipagpapatuloy nila ang proseso upang maiproseso ito nang maayos at magkaroon ng magandang resulta. Una, tinalakay ng mga mananaliksik kung anong nobela ang kanilang susuriin. Pangalawa, napagkasunduan nilang ang nobelang "Mga Ibong Mandaragit" ni Amado V. Hernandez ang magiging pokus nila, at ito'y kanilang babasahin nang paulit-ulit. Panghuli, itinala ng mga mananaliksik ang mga nakalap na impormasyon mula sa nobela at pinag-aralan ang mga pagpapahalagang nakapaloob dito.

## MGA RESULTA

Sa bahaging ito, inilahad ng mga mananaliksik ang mga nakalap na mga nabasang impormasyon. Sinuri ng mga mananaliksik ang mga nilalaman at mensahe na nakapaloob sa nobelang "Mga Ibong Mandaragit" ni Amando V. Hernandez. Sa paglalahad ng mga datos ang mga mananaliksik ay gumagamit ng talahanayan upang mas madaling mailahad ang isinagawang pag-aaral.

**Talahanayan 1**

Kahalagahan ng "**Mga Ibong Mandaragit**" sa Iba't Ibang Perspektibo

| Pamagat | Perspektibo | Kahalagahan |
|---|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| MGA IBONG MANDARAGIT NI AMADO V. HERNANDEZ | Sosyolohikal | **1. Pagtutok sa Pagkilala sa mga Isyung Panlipunan**<br>Ang nobela ay nagsisilbing isang salamin ng kalagayan ng lipunang Pilipino, partikular na ang mga mahihirap at mga naaapi. Itinuturo nito sa mga mag-aaral at mambabasa ang mga ugat ng mga isyung panlipunan tulad ng pagsasamantala ng mga mayayaman at pagka-depende ng bansa sa mga banyaga. Ang pagbabalik-tanaw sa kalagayan ng mga manggagawa, magsasaka, at mga mahihirap ay nagiging daan para sa mas malalim na pag-unawa sa mga mga istruktura ng kapangyarihan at hirap ng nakararami.<br>**2. Pagpapalawak ng Kamalayan ng mga Mag-aaral**<br>Ang nobela ay nakakatulong sa pagpapalawak ng kamalayan ng mga mag-aaral tungkol sa mga sosyal na isyu sa kanilang paligid, tulad ng neokolonyalismo, *social injustice*, at *political oppression.* Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga karakter at tema sa akda, natututo ang mga mag-aaral na makita ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan at magkaroon ng malasakit sa kalagayan ng mga *marginalized sectors*.<br>**3. Pagpapalaganap ng Mga Ideya ng Pagtutol at Rebolusyon**<br>Ang nobela ay nagpapakita ng pagtutol sa mga hindi makatarungang sistema. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pakikibaka para sa katarungan at kalayaan. Sa konteksto ng sosyolohiya, ang mga mag-aaral at mambabasa ay naiimpluwensyahan ng ideya ng rebolusyonaryong pagbabago at ang kahalagahan ng kolektibong pagkilos upang mapabuti ang kalagayan ng nakararami. Ang nobela ay nagiging inspirasyon sa mga kabataan upang maging mapanuri at magpahayag ng kanilang opinyon sa mga isyung panlipunan.<br>**4. Pagbuo ng Pag-unawa sa Relasyon ng Kapangyarihan at Uri ng Lipunan**<br>Pinapakita ng nobela ang ugnayan ng kapangyarihan at uri ng lipunan. Makikita sa akda ang pang-aapi ng mga may kapangyarihan sa mga mahihirap. Binibigyan nito ng linaw ang mga sistema ng kapangyarihan at kung paano ang mga elitista at mayayaman ay nagtataguyod ng kanilang interes habang pinapalala ang kalagayan ng mga api. Ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga *dynamics* ng sosyal na *stratification* at mga epekto ng hindi pantay na distribusyon ng yaman.<br>**5. Pagpapalakas ng Pagsusuri at Pagtanggap sa Kritikong Panlipunan**<br>Dahil sa mga tema ng nobela, mas pinapalakas nito ang kakayahan ng mga mag-aaral at mambabasa na magsuri ng mga sosyal na isyu at kritikahin ang umiiral na sistema. Nagtuturo ito ng kritisismong panlipunan at nagiging daan para sa mas aktibong pakikilahok sa mga isyung panlipunan.<br>**6. Pagbuo ng Empatiya at Pagkakaroon ng Malasakit sa Kapwa**<br>Sa pamamagitan ng mga karakter sa nobela, natututo ang mga mag-aaral na magkaroon ng empatiya at malasakit sa mga mahihirap at api. Ang mga tauhan tulad ni Mando Plaridel ay nagsisilbing modelo ng isang tao na nagsisilibing boses ng mga inaapi. Binibigyan nito ng halaga ang pagpapakita ng malasakit sa kapwa at ang kahalagahan ng pakikilahok sa mga kilusan para sa katarungan. |

| | | |
|---|---|---|
| | Saykolohikal | **1. Pagtaas ng Kamalayan at Kritikal na Pag-iisip**<br>Ang nobela ay tumatalakay sa mga temang tulad ng pang-aapi, kawalan ng katarungan, at hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan, na maaaring magpataas ng kamalayan ng mga mambabasa sa mga sikolohikal at emosyonal na epekto ng mga isyung ito sa mga indibidwal at sa buong lipunan. Ang mga mag-aaral at mambabasa ay hinihikayat na mag-debelop ng kritikal na pag-iisip habang inaaral ang mga karakter, kaganapan, at ang mas malawak na konteksto ng nobela. Ang kakayahan ng mambabasa na magtanong sa mga estruktura ng lipunan at analisis ng mga dinamika ng kapangyarihan ay napapalakas, na nagiging sanhi ng mas mapanuring pananaw sa mga isyung panlipunan.<br>**2. Empatiya para sa mga Inaapi**<br>Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pagsubok ni Mando Plaridel at iba pang mga tauhan na nasa laylayan ng lipunan, ang mga mambabasa ay nagkakaroon ng mas malalim na empatiya para sa mga taong inaapi o naghihirap. Ang nobela ay naglalarawan ng mga paghihirap na kinakaharap ng mga karaniwang Pilipino sa mga panahon ng panlipunang kaguluhan, na maaaring magdulot ng malakas na emosyonal na reaksyon at magtulungan upang makaugnay sa mga karakter at kanilang mga laban. Ang empatiya na ito ay maaaring magbigay ng motibasyon sa mga mambabasa na maging mas mapagmalasakit sa kanilang mga personal na buhay at sa iba pang tao.<br>**3. Pakiramdam ng Panlipunang Pananagutan**<br>Ang nobela ay may temang tumatalakay sa katarungang panlipunan at mga ideya ng rebolusyon, na maaaring magbigay ng mas mataas na pakiramdam ng pananagutan sa mga mag-aaral at mambabasa. Sa pag-unawa ng mga karakter na nagsusulong ng pagbabago para sa mas makatarungang lipunan, ang mga mambabasa ay maaaring magkaroon ng pagnanais para sa aksyon sa kanilang komunidad o magpakita ng paglahok sa mga gawain. Nagiging daan ito para sa pagkilos at pagbabago sa kanilang sariling kapaligiran at sa pagpapahalaga sa kanilang papel sa pagtulong sa paggawa ng isang mas makatarungang lipunan.<br>**4. Pakiramdam ng Kapangyarihan at Kakayahang Magbago**<br>Sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa mga tauhang tulad ni Mando Plaridel, na lumalaban sa kanyang kalagayan at lumalaban para sa kanyang mga pinaniniwalaan, ang mga mag-aaral at mambabasa ay maaaring magkaroon ng pakiramdam ng kapangyarihan. Ang mga karakter na ito ay maaaring magbigay ng inspirasyon at magpataas ng pagtingin sa sarili at magdulot ng malakas na pakiramdam. Ang sikolohikal na epekto nito ay ang mga mambabasa ay maaaring makaramdam na may kakayahan silang baguhin ang kanilang mga buhay at lipunan, kahit na sa harap ng mga sistemang nagpapahirap.<br>**5. *Cognitive Dissonance* at Emosyonal na Labanan**<br>Dahil ang nobela ay tumatalakay sa mga temang alitan, rebolusyon, at karahasan, maaaring maranasan ng mga mambabasa ang *cognitive dissonance*—isang sikolohikal na tensyon kapag nahaharap sa magkakasalungat na ideya. Ang paglalarawan ng mga tauhang lumalaban sa isang mapang-aping sistema ay maaaring maghamon sa pananaw ng mga mambabasa ukol sa moralidad, awtoridad, at katarungan, na nagiging sanhi ng panloob na salungatan. Ang tensyon na ito ay maaaring magbigay ng pagkakataon para sa pagninilay-nilay at magtulak sa mga mambabasa na muling suriin ang kanilang mga pagpapahalaga at pananaw tungkol sa katarungan at |

| | | |
|---|---|---|
| | | kapangyarihan.<br>**6. Epekto sa Kalusugang Pangkaisipan (Empowerment vs. Pagkabigo)**<br>Para sa ilang mambabasa, lalo na ang mga nakakaunawa sa mga tauhang inaapi sa nobela, maaaring magdulot ito ng pakiramdam ng pagkagambala o kahit kapighatian kapag nahaharap sa mga problema ng lipunan na ipinapakita sa nobela. Habang ang nobela ay maaaring magbigay-inspirasyon ng pag-asa at determinasyon, maaari rin itong magdulot ng pakiramdam ng kapangyarihan na wala o kalungkutan sa mga mambabasa na nararamdaman na patuloy na umiiral ang mga isyung ito sa tunay na buhay. Gayunpaman, para sa iba, ang nobela ay maaaring magsilbing isang kapangyarihan na hakbang upang magsimula ng mga pagbabago sa kanilang buhay o maging aktibo sa pagtulong sa iba na nagdurusa.<br>**7. Pagbuo ng Katatagan at Mga Estratehiya sa Pagharap**<br>Ang mga tauhan sa *"Mga Ibong Mandaragit"* ay dumaan sa matinding pagsubok at lumaban sa mga mapang-aping sistema, na maaaring magturo sa mga mambabasa ng katatagan. Ang mga mag-aaral ay maaaring matutong makibagay sa mga pagsubok at maunawaan ang kahalagahan ng pagpapanatili ng pag-asa at determinasyon sa kabila ng mga pagsubok. Ang nobela ay isang mahalagang kasangkapan para sa pagtuturo ng emosyonal na katatagan at lakas upang patuloy na lumaban para sa katarungan, kahit na sa mga mahirap na sitwasyon. |
| | Biyolohikal | **1. Pag-asa at Determinasyong Baguhin ang Lipunan.**<br>"Mayroong bahagi ng kwento na nagdudulot sa akin ng pisikal na reaksyon na inspirasyon ay sa kabanata 18. Sa kabanata na ito ay ang pagsisimula ng pagbabago na nagdudulot ng pisikal na inspirasyon katulad ng pagngiti na nagpapakita ng pag-asa at determinasyon na baguhin ang lipunan."<br>**2. Paglalarawan ng panganib at sakripisyo**<br>"Oo, may bahagi sa akdang *Mga Ibong Mandaragit* na nagdulot sa akin ng pisikal na reaksyon. Sa Kabanata 38, kung saan tinulungan ni Mando si Tata Matyas at ang iba pang mga gerilya upang tumakas mula sa mga Hapon, nakaramdam ako ng tensyon at bilis ng tibok ng puso dahil sa kaba at panganib na kanilang kinaharap. Isa sa mga pahayag sa kabanata ay:<br>**Nakita niya ang isang gerilyang sugatan na pilit pa ring tumatakbo, habang ang mga putok ng baril ay sunod-sunod na umaalingawngaw**."<br>"Ang eksenang ito ay sumagi sa akin dahil malinaw ang paglalarawan ng panganib at sakripisyo, kaya't hindi ko naiwasang maramdaman ang kaba at takot para sa mga tauhan. Ang pisikal na reaksyong ito ay patunay kung gaano ka epektibo ang nobela sa pagpaparamdam ng tunay na emosyon lalong lalo na sa mga mambabasa."<br>**3. Tunggalian ng Interes at Makabayang Diwa.**<br>"Sa kabanata 10 ang nagdulot sa akin ng tensyon. "Sa bahaging ito ay bukang-bibig ni Martin ang patungkol sa parti niya sa kayamanan. Nang matagpuan ni Mando ang kayamanan ngunit nais ni Martin itong kanyahin kaya't ang dalawa ay nagpambuno at humantong sa madugong tunggalian at nagtapos sa pagkamatay ni Martin." Ito ay nagbigay sa akin ng tensyon sapagkat sila ay magkakaibigan ngunit sila rin ang nagpapatayan dahil lamang sa iba ang kanilang interes sa kayamanan."<br>Sa kabanata 3, "Nag-usap ang tatlong gerilya kung bakit nila piniling maging gerilya. Nang tinanong si Mando kung bakit siya naggerilya ang sagot lamang niya ay "Ako'y Pilipino". " Ito ay nagbibigay sa akin ng inspirasyon bilang isang Pilipino na |

| | | |
|---|---|---|
| | | may katulad ni Mando na mas iniisip ang karamihan kaysa sa kanyang sariling interes. Siya ay determinado na makuha ang mga kayamanan para sa mga mamamayan na kanyang minamahal at ipinagpatuloy niya ang pakikipaglaban para sa karapatan ng mga mahihirap.”<br>**4. Pagkabigla at Galit**<br>“Oo, sa Kabanata 15, noong nalaman ni Mando ang tunay na estado ng mga Pilipino pagkatapos ng digmaan, ako ay nakaramdam ng galit at pagkabigla, na “Ang pinangarap nilang kalayaan ay napalitan lamang ng bagong anyo ng pagkabusabos.” Ang pahayag na ito ay nagdulot sa akin ng kirot sa puso sapagkat ipinapakita nito ang paulit-ulit na pagdurusa ng ating bayan.<br>**5. Kahalagahan ng Pakikibaka para sa Katarungan**<br>Sa kabanata 10 ng nobela “Mga Ibong Mandaragit,” hindi lamang ang tensyon sa pagtatagpo ng mga karakter ang aking naramdaman, kundi pati na rin ang sama ng loob at pagkadismaya sa mga kaganapan. Naramdaman ko ang galit at panghihinayang sa mga karakter na naging biktima ng pang-aabuso at kawalang katarungan. Ang pangyayaring ito ay nagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga isyu ng kahirapan at korapsyon na patuloy na naghuhumiyaw sa lipunan, at nagpalalim sa aking pangangaral sa kahalagahan ng pagtindig laban sa anumang uri ng pang-aabuso. Ang kabanatang ito ay nagtampok ng personal na pakikibaka ng mga tauhan sa gitna ng pang-aapi at itinampok ang kanilang tapang at determinasyon na makamit ang katarungan.”<br>**6. Ang Pagkamulat ng Tao sa Katotohanan at Matibay na Paninindigan para sa Kalayaan**<br>Sa Kabanata 51, may sinabi sa kwento na: “Ang bagong umaga ay di na daratnan ng kadiliman, sapagkat ang tao’y gising na, mulat na, at di na muling magpapagapos.”<br>Ibig sabihin nito, ang tao ay mulat na sa katotohanan at handa nang lumaban para sa kanyang kalayaan. Hindi na siya magpapaloko o magpapasakop sa mapang-api.<br>**7. Ang Tensyon at Kawalan ng Katarungan**<br>“Oo, may bahagi ng kwento na nagdulot sa akin ng tensyon, lalo na sa Kabanata 23, kung saan pinakita ang panlilinlang ng mga may kapangyarihan sa mga mahihirap. Ang linyang, "Ang hustisya'y hindi para sa lahat, kundi para lamang sa may pera," ay nagpaiinit ng ulo ko sa kawalan ng katarungan.”<br>**8. Ang Pagbubunyag ng Kasinungalingan at Kapangyarihan upang Mapanatili ang Pamumuno**<br>“Oo, sa Kabanata 38, nang ipinaalam kay Mando ang mga detalye ng kasinungalingang itinuro ng mga prayle at mga maykapangyarihan upang panatilihin ang kanilang pamumuno, ako'y nakaramdam ng tensyon at pagkabigla. Isa sa mga pahayag ay: *"Ang kasaysayan ay sinulat ng mga dayuhang mananakop upang linlangin ang mga susunod na henerasyon."* Napaisip ako at napahigpit ang hawak sa libro habang binabasa ito.”<br>**9. Pagtatapat ng Pag-ibig, Pagbubunyag ng Lihim, at mga Aral sa Buhay.**<br>“May mga senaryong nagbigay sa akin ng tensyon sa aking damdamin dahil may mga senaryo kung saan nagtatapat ng kanilang pag-ibig sa kabanata 10, Ang pahayag na" Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko kung hindi mo ako tinanggap". May mga pagbubunyag din ng mga lihim sa kabanata 20 na may pahayag na " Hindi ko alam na siya pala ang may sala sa lahat ng nangyari sa akin". May mga kabanatang nagbibigay |

| | | |
|---|---|---|
| | | inspirasyon sa akin kung paano at ano ang gagawin sa buhay."<br>**10. Ang Pagbubunyag ng Lihim**<br>Isa sa mga bahagi ay sa Kabanata 26: Ang Lihim, kung saan nadiskubre ni Mando ang dokumento na magbibigay-liwanag sa tunay na yaman ng Pilipinas na pinagkakaitan ng mga Pilipino. "Habang binabasa ko ang bahaging iyon, nakaramdam ako ng kalungkutan, dahil ramdam ko ang bigat at panganib ng katotohanang nadiskubre ni Mando. Ang pahayag na: *" Narito sa aking kamay ang sa pagpapalaya sa sambayanan, ngunit narito rin ang mga panganib na maaaring sumupil sa akin."<br>**11. Ang Pagbubunyag**<br>"Oo, sa Kabanata 32, kung saan nalaman ni Mando ang tunay na pagkatao ng mga makapangyarihan sa lipunan, nakaramdam ako ng matinding tensyon at mabilis na tibok ng puso. Ang pahayag na, "Ang mga nagpapanggap na tagapagtanggol ng bayan ay sila palang pangunahing umaalipin dito," ang tumama sa akin. Sa biyolohikal na aspeto, parang nanigas ang katawan ko dahil sa gulat at galit, kasi napagtanto ko na minsan, kahit sino pa ang mga ipinagmamalaking lider, sila rin pala ang ugat ng paghihirap ng marami." |

**Talahanayan 2**
**Epekto ng Nobela sa Pananaw ng mga Mambabasa at Mag-aaral**

| Pamagat | Mensahe |
|---|---|
| **MGA IBONG MANDARAGIT NI AMADO V. HERNANDEZ** | Ang nobelang *Mga Ibong Mandaragit* ni Amado V. Hernandez ay naglalaman ng mga mahahalagang mensahe na nais ipahiwatig sa mga mag-aaral at mga mambabasa, lalo na sa aspeto ng pakikibaka para sa katarungan, paglaban sa opresyon, at pagtuklas ng makatarungang lipunan. Narito ang ilang mensaheng nais iparating ng nobela:<br>**1. Pagtutol sa Opresyon at Kawalan ng Katarungan**<br>Ang pangunahing mensahe ng nobela ay ang paglaban sa opresyon at walang hustisya na nararanasan ng mga ordinaryong tao, tulad ng mga magsasaka at manggagawa, sa ilalim ng mga makapangyarihang tao sa lipunan. Sa pamamagitan ng mga tauhan na lumalaban sa mga mapang-aping sistema, ipinapakita ng nobela ang kahalagahan ng pagkakaroon ng lakas ng loob at tinig upang magprotesta laban sa mga hindi makatarungang sistema ng gobyerno at mga may-ari ng lupa.<br>**2. Pagkakaisa at Kolektibong Pagkilos**<br>Isinusulong din ng nobela ang ideya ng pagkakaisa sa harap ng mga hamon. Ang mga tauhan ay nagkakaroon ng lakas sa pamamagitan ng pagtutulungan, at ang kanilang kolektibong aksyon ay isang paraan ng pagpapakita ng kapangyarihan ng masa laban sa mga naghaharing uri. Sa konteksto ng mga mag-aaral, isang mahalagang mensahe dito ang pagkakaroon ng malasakit sa kapwa at ang pagkilos bilang isang komunidad para sa pagbabago.<br>**3. Pagpapahalaga sa Bayan at Pagkamakabayan**<br>Tinutukoy din ng nobela ang kahalagahan ng pagmamahal sa bayan at pagkamakabayan.<br>**4. Ang Pagkakaroon ng Malasakit sa Kapwa**<br>Isa pang mensahe ng nobela ay ang pagkakaroon ng malasakit sa kapwa, partikular na ang mga hindi nakikinabang sa mga pribilehiyo ng mayayamang uri. Sa pamamagitan ng mga tauhan na may malasakit at handang tumulong sa mga nangangailangan, ipinapaalala sa mga mambabasa ang kahalagahan ng pagiging makatao at pagkakaroon ng malasakit sa kalagayan ng iba.<br>**5. Ang Kahalagahan ng Edukasyon at Kamalayan**<br>Para sa mga mag-aaral, mahalagang mensahe ng nobela ang pagkakaroon ng kamalayan sa kalagayan ng lipunan at ang pagpapalaganap ng edukasyon bilang isang pangunahing kasangkapan sa pagpapalaya at pagbabago. Ang mga tauhan na lumalaban para sa katarungan ay may matibay na paniniwala sa kapangyarihan ng edukasyon bilang susi sa pagkakaroon ng tunay na kalayaan. |

| | |
|---|---|
| | **6. Paglalaban para sa Karapatang Pantao**<br>Ang nobela ay naglalaman ng mga mensahe ukol sa pagkilala sa karapatang pantao ng bawat isa, at ang pagtutol sa anumang anyo ng pang-aabuso o paglabag sa mga karapatang ito. Sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga kawalang katarungan sa lipunan, itinatampok nito ang mahalagang tungkulin ng bawat isa na magsanib-puwersa upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay at paggalang sa dignidad ng tao.<br>**7. Ang Pagkakaroon ng Laban at Pag-asa**<br>Bagamat puno ng lungkot at pighati ang mga karanasan ng mga tauhan sa nobela, ipinapakita nito na sa kabila ng lahat ng pagsubok, ang pag-asa at paglaban ay nagbibigay ng daan para sa pagbabago. Ang mensaheng ito ay nagpapakita sa mga mambabasa na, kahit na ang buhay ay puno ng pagsubok, may pag-asa pa ring magtagumpay sa mga laban para sa katotohanan, katarungan, at kalayaan.<br><br>Sa kabuuan, ang mensaheng iparating ng *Mga Ibong Mandaragit* ay ang pagtataguyod ng paglaban sa opresyon, pagkakaisa, at pagmamahal sa bayan. Ang nobela ay nagtuturo ng kahalagahan ng pagiging mapagmatyag, pagkilos para sa katarungan, at pagtutulungan upang makamit ang isang makatarungan at mas magandang lipunan. Para sa mga mag-aaral, ito ay isang paalala na sa kabila ng mga pagsubok sa buhay, may kakayahan silang magtaguyod ng mga prinsipyo ng tama at makatarungan, at magbigay ng kontribusyon sa pagbabago ng lipunan. |

**Mga Natuklasan**

Sa nobelang "Mga Ibong Mandaragit" ni Amado V. Hernandez, ang mga pangunahing isyu na ipinapakita ay may malalim na koneksyon sa sosyolohikal, saykolohikal, at biyolohikal na aspeto ng buhay ng tao. Sa sosyolohikal na perspektibo, itinatampok ang mga isyu ng hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan, kung saan ang mga makapangyarihan, tulad ng mga prayle, mayayaman, at politiko, ay ginagamit ang kanilang kapangyarihan upang pagsamantalahan ang mga mahihirap. Ipinapakita ng nobela ang estruktural na hindi pagkakapantay-pantay, kung saan ang mga mahihirap ay patuloy na nagdurusa dahil sa mga abusadong gawain ng mga nasa itaas. Sa saykolohikal na perspektibo, ang nobela ay sumasalamin sa mga emosyonal na pagsubok ng mga tauhan, lalo na si Mando, na nakakaranas ng pagkalito, galit, at takot habang tinutuklas ang mga madilim na katotohanan ng lipunan at ng mga tao sa kanyang paligid. Pinapakita nito ang panloob na tunggalian ng mga tauhan at ang kanilang *moral dilemmas* sa harap ng mga hindi makatarungang kalagayan. Sa biyolohikal na perspektibo, ang mga pisikal na reaksyon ng mga tauhan sa mga tensyonadong sitwasyon, tulad ng mabilis na tibok ng puso at paninigas ng katawan, ay nagiging simbolo ng kanilang nararamdamang pagkabalisa at takot. Ang mga reaksiyon na ito ay nagpapakita ng mga epekto ng sosyal na paghihirap at ang pang-aalipin sa katawan at isipan ng mga tao. Sa kabuuan, ang "Mga Ibong Mandaragit" ay isang malalim na pagsusuri sa epekto ng panlipunang istruktura at ang mga saykolohikal at biyolohikal na reaksyon ng mga tao sa isang lipunang puno ng hindi pagkakapantay-pantay at pagsasamantala.

## V. KONKLUSYON

Ang nobelang "Mga Ibong Mandaragit" ni Amado V. Hernandez ay isang makapangyarihang komentaryo sa kalagayang panlipunan ng Pilipinas sa panahon ng pananakop at sa mga isyu ng kapangyarihan, hindi pagkakapantay-pantay, at pagsasamantala. Ipinakita nito ang mga personal at kolektibong laban ng mga tauhan laban sa mga makapangyarihan, at kung paanong ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan ay nagdudulot ng malalim na emosyonal, sikolohikal, at biyolohikal na epekto sa mga indibidwal. Ang nobela ay isang pagsasalamin ng katotohanan, kung saan ipinapakita ang mga *dilemma* at paghihirap na kinakaharap ng mga tao sa isang lipunang hindi makatarungan. Sa pamamagitan ng mga karakter tulad ni Mando, ipinakita ng may-akda ang paglalakbay ng isang tao upang maghanap ng katarungan at kalayaan, habang nakikisalamuha sa mga hamon ng sistema. Ang "Mga Ibong Mandaragit" ay isang mahalagang akda na nagpapaalala sa atin ng kahalagahan ng paglaban para sa katarungan at ng kritikal na pagsusuri sa mga istruktura ng kapangyarihan sa ating lipunan.

## SANGGUNIAN


[1] Burke, P. (2001). What is cultural history? Polity Press.
[2] Salazar, Z. (1991). Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan. Palimbagan ng Lahi.
[3] Aguila, A. C. (2004). Mga Ibong Mandaragit: Isang pagsusuri sa rebolusyonaryong kaisipan ni Amado V. Hernandez. UP Press.
[4] Hernandez, A. V. (1969). Mga ibong mandaragit (nobelang sosyo-politiko). [Quezon]: [International Graphic Service].
[5] Gordon, P. (2023). "The Preying Birds" by Amado V. Hernandez. Asian Review of Books. https://asianreviewofbooks.com/the-

preying-birds-by-amado-v-hernandez/

[6] Lumbera, B. (2000). Pagsiping sa Panitikan at Lipunan. University of the Philippines Press.

[7] Beach, R., Thein, A. H., & Webb, A. (2020). Teaching to exceed the English Language Arts Common Core State Standards: A
literacy practices approach for 6–12 classrooms (2nd ed.). Routledge.

[8] https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1162670.pdf

[9] Rosenblatt, L. M. (1978). The reader, the text, the poem: The transactional theory of the literary work. Southern Illinois University
Press

[10] Commission on Higher Education (CHED). (2013). CHED memorandum order (CMO) No. 20, s. 2013.Note that the journal title, volume number and issue number are set in italics.